Mensahe Sampu

## Kaluwalhatian at Pagluluwalhati na Inihayag sa Ebanghelyo ni Juan

Babasahin sa Kasulatan: Juan 1:14; 2:11; 5:44; 8:54; 12:23; 13:31-32; 17:1, 5, 22

**I. Ang kaluwalhatian ay isang katangian ng Diyos; ang kaluwalhatian ay ang kahayagan ng Diyos, ang Diyos na nahayag sa karilagan—Exo. 40:34; Gawa 7:55; 2 Ped. 1:3; Apoc. 21:11.**

**II. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay intrinsikong may kaugnayan sa ekonomiya ng Diyos—Efe. 1:6, 10, 12, 14; 3:21; 5:27:**

A. Ang Tres-unong Diyos ay isang Diyos ng kaluwalhatian—Gawa 7:2; Efe. 1:17; 3:14, 16; 1 Cor. 2:8; 2 Cor. 4:6; 1 Ped. 4:14.

B. Ang walang hanggang gol ng Diyos ay ang dalhin ang Kanyang maraming anak tungo sa kaluwalhatian—Heb. 2:10; 1 Cor. 2:7; Efe. 1:5-6, 12, 14.

C. Nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang larawan upang maihayag Siya ng tao sa Kanyang kaluwalhatian—Gen. 1:26; Col. 1:15; 2 Cor. 4:4, 6.

D. Ang magkasala ay ang hindi makaabot sa kaluwalhatian ng Diyos at sa gayon ay ihayag ang kasalanan at ang makasalanang sarili at ibigin ang kaluwalhatian ng mga tao nang higit kaysa sa kaluwalhatian ng Diyos—Roma 3:23; Juan 5:44; 7:18a; 12:43.

E. Tinupad ng pagtutubos ni Kristo ang mga kahingian ng kaluwalhatian ng Diyos—Roma 3:24-25; Heb. 9:5; cf. Gen. 3:24.

F. Sa pamamagitan ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo, tinawag tayo ng Diyos sa pamamagitan at tungo sa Kanyang walang hanggang kaluwalhatian—2 Cor. 4:4; 1 Tim. 1:11; 1 Tes. 2:12; 1 Ped. 5:10.

G. Naninirahan sa atin ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang pag-asa ng kaluwalhatian—Col. 1:27; 3:4, 11.

H. Habang ating tinitingnan at ibinabalik ang kaluwalhatian ng Panginoon, tayo ay natatransporma tungo sa larawan ng Panginoon mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian—2 Cor. 3:18.

I. Ang gol ng organikong pagliligtas ng Diyos, at ang huling yugto ng pagliligtas na ito, ay kaluwalhatian—ang ating pagluluwalhati—Heb. 2:10; Roma 8:17, 21, 30.

J. Ang pagtatayo ng Diyos ay ang Tres-unong Diyos na naisagawa tungo sa atin upang tayo ay maging Kanyang maluwalhating sama-samang kahayagan—Efe. 2:21-22; 3:17a, 19b, 21; 4:16; 5:27; cf. Exo. 40:34; 1 Hari 8:10-11; Ezek. 43:4-5; Hag. 2:7, 9.

K. Yamang ang kaharian ng Diyos at ang kaluwalhatian ng Diyos ay hindi mapaghihiwalay, mahahayag ang kaluwalhatian ng Diyos sa darating na kaharian—Mat. 6:13; 16:27; 26:29; 1 Tes. 2:12; Apoc. 5:13.

L. Ang isang natatanging katangian ng Bagong Herusalem ay yaong taglay nito ang kaluwalhatian ng Diyos, ang Kanyang kahayagan; tataglayin ng buong lunsod ng Bagong Herusalem, isang sama-samang tao, ang kaluwalhatian ng Diyos, na siyang Diyos Mismo na nagliliwanag sa buong lunsod, ang Kanyang asawang babae—19:7-9; 21:2, 10-11.

M. Ang kaluwalhatian ng Diyos sa ekonomiya ng Diyos ay kinapapalooban ng mataas na rurok ng dibinong pahayag—ang Diyos ay naging tao upang ang tao ay maging Diyos sa

buhay, kalikasan, at kahayagan ngunit hindi sa pagka-Diyos—Juan 1:14; Col. 3:4; Heb. 2:10; Apoc. 21:10-11.

N. Ang gol ng ekonomiya ng Diyos ay yaong maisinag nating lahat ang Kanyang kaluwalhatian—bb. 2, 23-24.

**III. Ang kaluwalhatian ng Diyos ay may kinalaman sa pagkakatawang-tao, pantaong pamumuhay, pagkapako sa krus, pagkabuhay na muli, pag-akyat sa langit, pagdating muli ni Kristo at sa Kanyang pagiging ilawan sa Bagong Herusalem:**

A. Sa Kanyang buhay at gawa, hindi hinangad ng Panginoong Hesus ang Kanyang sariling kaluwalhatian kundi ang kaluwalhatian ng Isa na nagsugo sa Kanya—Juan 7:18; 8:50, 54.

B. Niluwalhati si Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli—Luc. 24:26; Juan 7:39; 17:5; Gawa 3:13; 1 Ped. 1:21.

C. Niluwalhati si Kristo sa Kanyang pag-akyat sa langit; ang Panginoong Hesus ay isang modelo ng isang tao na “tumawid sa ilog” at pumasok sa kaluwalhatian ng Diyos, kung saan Siya ay pinutungan ng kaluwalhatian at karangalan—Heb. 2:9-10; 6:19-20; 9:24.

D. Darating ang Panginoon bilang Anak ng Tao sa kaluwalhatian ng Ama—Mat. 16:27; Luc. 21:27.

E. Sa Bagong Herusalem nang magpasawalang-hanggan, si Kristo, ang Kordero bilang ilawan, ay sisinag sa pamamagitan ng Diyos bilang liwanag upang paliwanagin ang Bagong Herusalem sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Diyos, na ang kaluwalhatian ay ang kahayagan ng dibinong liwanag—Apoc. 21:11, 23; 22:5.

**IV. Sa Ebanghelyo ni Juan ay makikita natin ang kaluwalhatian at pagluluwalhati sa Panginoong Hesus:**

A. “Nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak mula sa Ama” (1:14); tumutukoy ito sa pagbabagong-anyo ni Kristo sa bundok (Mat. 17:1-2, 5).

B. “Hesus…naghayag ng Kanyang kaluwalhatian”; ang pagkadibino ng Panginoon ay nahayag— Juan 2:11.

C. Ang Panginoong Hesus ay “hindi tumatanggap ng kaluwalhatian mula sa mga tao,” at nagtanong, “Paano kayo sasampalataya kung tumatanggap kayo ng kaluwalhatian mula sa isa’t isa at hindi ninyo hinahanap ang kaluwalhatiang mula sa iisang Diyos?”—5:41, 44.

D. “Siya na nagsasalita mula sa kanyang sarili ay naghahanap ng kanyang sariling kaluwalhatian; ngunit Siya na naghahanap ng kaluwalhatian Niyaong nagsugo sa Kanya, ang Isang ito ay totoo”—7:18:

   1. “Hindi Ko hinahanap ang Aking kaluwalhatian; may Isang naghahanap ng kaluwalhatian para sa Akin at humahatol”—8:50.
   2. “Kung niluluwalhati Ko ang Aking sarili, ang kaluwalhatian Ko ay walang halaga; ang Aking Ama ang siyang lumuluwalhati sa Akin”—b. 54.
   3. “Inibig nila nang higit ang kaluwalhatian ng tao kaysa kaluwalhatian ng Diyos”—12:43.

E. Sinabi ni Hesus, “Dumating na ang oras upang ang Anak ng Tao ay luwalhatiin” (b. 23); ang maluwalhati si Hesus bilang Anak ng Tao ay ang mabuhay na muli Siya.

F. Sinabi ni Hesus sa kapitulo 17, “Ama,…luwalhatiin Mo ang Iyong Anak upang luwalhatiin Ka ng Anak” (b. 1); “Ngayon, Ama, luwalhatiin Mo Ako kasama ng Iyong sarili, ng kaluwalhatian na Aking tinaglay kasama Mo bago pa ang sanlibutan” (b. 5):

   1. Ito ang paksa ng panalangin ng Panginoon sa Juan 17.

2. Bago ang panalanging ito ay paunang sinabi ng Panginoong Hesus na Siya ay luluwalhatiin at na ang Ama ay luluwalhatiin sa Kanya—12:23; 13:31-32.
3. Mabubuhay na muli si Kristo upang mapataas Niya ang Kanyang pagkatao tungo sa dibinong elemento at upang ang Kanyang dibinong elemento ay mahayag, na may resulta na ang Kanyang buong katauhan, ang Kanyang pagkadibino at Kanyang pagkatao, ay maluluwalhati; sa gayon ang Ama ay maluluwalhati sa Anak.

G. Nanalangin ang Panginoong Hesus na makapasok tayo sa pinakamataas na yugto ng kaisahan—ang kaisahan sa dibinong kaluwalhatian para sa sama-samang kahayagan ng Tres-unong Diyos: "Ang kaluwalhatiang ibinigay Mo sa Akin ay ibinigay Ko sa kanila, upang sila ay maging isa, gaya naman Natin na iisa"—17:22:

1. Ito ang pinakamalalim na kaisahan ng mga mananampalataya, ang kaisahan sa dibinong kaluwalhatian para sa sama-samang kahayagan ng Diyos.
2. Sa aspektong ito ng kaisahan, ang mga mananampalataya, na lubusang nagtatwa ng kanilang sarili, ay nagtatamasa ng kaluwalhatian ng Ama bilang salik ng kanilang napasakdal na kaisahan at sa gayon ay inihahayag ang Diyos sa isang sama-sama, naitayong paraan.

**V. Bilang pagsasakatawan ng Tres-unong Diyos, si Kristong Anak ay ang pagluluwalhati ng Ama—bb. 1, 5, 22-23:**

A. Ang pagluluwalhati ay nangangahulugang pagpapakita; ang maluwalhati ay ang maipakita.

B. Ang pangunahing punto ng mensahe ng Panginoon sa Juan 14 hanggang 16 ay yaong ang Anak ay maluwalhati upang ang Ama ay maluwalhati sa Anak:

1. Sa Kanyang mensahe ay nagsalita ang Panginoon hinggil sa pagluluwalhati, at sa Kanyang panalangin, nanalangin Siya para sa pagluluwalhati—13:31-32; 14:13; 15:8; 17:1, 5.
2. Si Kristo ay niluwalhati ng Ama sa pamamagitan ng dibinong kaluwalhatian sa Kanyang pagkabuhay na muli—7:39:
   a. Ang *naluwalhati* ay kumakatawan sa *nabuhay na muli,* sapagkat ang Panginoon ay naluwalhati nang Siya ay nabuhay na muli; dinala Siya ng Kanyang pagkabuhay na muli tungo sa kaluwalhatian—Luc. 24:26; 1 Cor. 15:43; Gawa 3:13, 15.
   b. Ayon sa Bagong Tipang kaisipan, ang pagkabuhay na muli ay isang pagpapalaya sa buhay, at itong pagpapalaya sa buhay ay isang bagay ng pagluluwalhati; ang *pagluluwalhati* sa gayon ay kasingkahulugan ng *pagkabuhay na muli.*

C. Ngayon, ang Anak ay maluluwalhati sa pamamagitan ng ekklesia upang ang Ama ay maluwalhati sa loob at sa pamamagitan ng Anak—Juan 17:22; Efe. 3:21:

1. Ang kaluwalhatian ay ang kahayagan ng dibinong buhay at ng dibinong kalikasan; lalo tayong namumuhay sa pamamagitan ng dibinong buhay at ng dibinong kalikasan, lalong magkakaroon ng dibinong kaluwalhatian sa ekklesia—Juan 17:22; Efe. 3:21.
2. Ang Ama ay naluluwalhati sa pamamagitan ng organikong pakikipag-isa ng mga mananampalataya ni Kristo sa Ama sa loob ng Anak sa isang kamangha-manghang pananahanan sa isa't isa na kaisahan—Juan 17:23:
   a. Kapag tayo ay isa, si Kristo ay naluluwalhati, at ang Ama ay naluluwalhati rin.

    b. Ang kaisahan sa Juan 17 ay para sa pagluluwalhati ng Ama sa loob ng Anak; ang kaisahang ito sa katunayan ay ang dibinong pagluluwalhati.
3. Sa dibinong pagluluwalhati, ang Tres-unong Diyos ay naluluwalhati sa pagkatao, at ang pagkatao ay naluluwalhati sa pagkadibino—Apoc. 21:10-11

*© 2024 Living Stream Ministry*